



Fact Sheet

Hulyo 15, 2015

Mga Mahahalagang Impormasyon para sa Ilang Tumatanggap ng DACA Na Tumanggap ng Tatlong Taong* Pagpapahintulot na Magtrabaho

WASHINGTON—Kung ikaw ay isang tumatanggap ng DACA na nakatanggap ng tatlong taong Dokumento ng Pagpapahintulot na Magtrabaho (o Employment Authorization Document -EAD) pagkalipas ng Pebrero 16, 2015, malamang na nagkamaling ibinigay ito at dapat na maibalik.

Ang humigit-kumulang na 2,100 na mga tumatanggap ng DACA ay nabigyang ng tatlong taong mga Dokumento ng Pagpapahintulot na Magtrabaho, sa halip na dalawang taong mga EAD, *pagkalipas* ng Pebrero 16, 2015, nagbigay na ng pagbabawal ang korte laban dito. Kumilos ang USCIS para maitama ang usaping ito para sa mga indibiduwal na ito at nai-update ang kanilang mga rekord para magsaad ng dalawang taong panahon ng naantalang hakbang at pagpapahintulot na makapagtrabaho. Muling nagbigay at nagpadala ang USCIS ng naitamang mga dalawang taong EAD para sa mga indibidwal na ito. Ipinaalam na rin ng USCIS ang mga indibidwal na ito na ang tatlong taong mga EAD ay wala nang bisa at dapat na agarang ibalik ang mga ito, kasama ang anumang nauugnay na mga naaprobahan paunawa. Maingat na sinusubaybayan ng USCIS ang bilang ng mga naibalik sa mga walang bisang EAD at patuloy na kumikilos para kolektahin ang mga natitirang card.

Hiwalay dito, ang humigit-kumulang na 500 na EAD na naaprobahan at naibigay *bago* ang Pebrero 16, 2015, naibalik na sa USCIS ang pagbabawal ng korte bilang hindi maihatid ng U.S. Postal Service. Ang mga card na ito ay dati nang muling naipadala sa isang nai-update na address *pagkatapos* ng pagbabawal ng korte. Kumilos rin ang USCIS para maitama ang usaping ito para sa mga indibiduwal na ito at nai-update ang kanilang mga rekord para magsaad ng dalawang taong panahon ng naantalang hakbang at pagpapahintulot na makapagtrabaho. Muling nagbibigay ang USCIS ng mga naitamang dalawang taong EAD para sa mga indibiduwal na ito. Ipinaalam na rin ng USCIS sa mga indibidwal na ito na ang tatlong taong mga EAD ay wala nang bisa at dapat na agarang ibalik ang mga ito, kasama ang anumang nauugnay na mga naaprobahan paunawa. Maingat na sinusubaybayan ng USCIS ang bilang ng mga naibalik sa mga walang bisang EAD at patuloy na kumikilos para kolektahin ang mga natitirang card.

Kailangang ibalik ng mga indibiduwal na ito ang tatlong taong EAD at ang mga hindi pa nakakagawa nito ay kokontakin ng USCIS sa pamamagitan ng telepono o nang personal. Para sa layuning maibalik ang mga tatlong taong EAD, malamang na bibisita ang USCIS sa mga bahay ng mga indibiduwal na di pa nakakabalik ng kanilang walang bisang tatlong taong EAD o tumugon sa USCIS. Kapag personal na makikipag-ugnayan sa mga indibiduwal, ang mga empleyado ng USCIS ay magpapakita ng kanilang mga pagpapakilanlan sa mga indibiduwal. Sisikapin ng USCIS ang lahat para matawagan muna ang indibiduwal bago ang pagbisita.

Ang hakbang na ito ay *hindi* angkop sa mga humigit-kumulang na 108,000 na tatlong taong EAD na naaprobahan at naipadala ng USCIS **sa o bago ang** Pebrero 16, 2015, petsa ng pagbabawal ang korte at na hinding-hindi pa naisasauli o naibigay ng USCIS.

*Tandaan: Ang terminong “tatlong taon na EAD” ay kinabibilangan ng ilang card na naibigay na nang may mga bisa sa panahong mas marami kaysa sa dalawang taon pero hindi katumbas ng tatlong taon.

Ang dahilan para sa hakbang na ito ay, pagkatapos ng kautasan ng korte sa *Texas v. United States*, Blg. B-14-254 (S.D. Tex.) ay inilabas, ang USCIS ay makakapag-aproba ng mga kahilingan ng naantalang hakbang ng DACA at mga nauugnay na mga aplikasyon para sa pagpapahintulot para magtrabaho para lamang sa panahon ng dalawang taon.

Ang mga indibidwal na may mga katanungan o alalahanin, pati na kung sila ay kasama sa grupong dapat na magsauli ng kanilang tatlong taong EAD, ay kailangang tumawag sa USCIS National Customer Service Center sa 1-800-375-5283 (TDD: 1-800-767-1833) at piliin ang Opsyong 8.

Kung ikaw ay...	Pagkatapos...	Anong gagawin...
<p>May tatlong taong * na Pagpapahintulot para Magtrabaho na Dokumento na ibinigay sa iyo bago ang Pebrero 16, 2015, na kautusan ng korte</p> <p><i>*Ang “tatlong taon” ay tumutukoy sa anumang Dokumento ng Pagpapahintulot na Magtrabaho na may bisang mas matagal kaysa sa dalawang taon.</i></p>	<p>Ang iyong tatlong taong card ay wala nang bisa at dapat mong isauli ito. Ipinadala na ng USCIS sa iyon ang kapalit na card na may bisa ng dalawang taon at isa o mahigit pang sulat na nagbibigay sa iyo ng tagubilin isauli ang iyong tatlong taong EAD.</p> <p>Kung iyong itatago ang iyong walang bisang tatlong taong card, tatapusin ng USCIS and iyong DACA at ng lahat ng mga pagpapahintulot na magtrabaho, at maaaring isaalang-alang ang iyong kilos bilang isang negatibong bagay sa pagtatasa para sa anumang naantalang kilos, o ibang mga kahilingan ng pagdedesiyon nito o discretionary request.</p>	<p>Ibalik ang iyong walang bisang tatlong taong card na tulad ng ipinag-uutos sa dalawang mga hiwalay na paalala na ipinadala sa iyong address sa aming mga rekord.</p> <p>Kung makatanggap ka ng Paunawa ng Layuning Tapusin ang iyong DACA, sundin ang mga tagubilin na magpakita sa isang kinakailangang appointment sa opisina ng USCIS para maibalik ang card o sertipikahan na may magandang dahilan na hindi maisauli ito o na naisauli na ito.</p> <p>Kung ikaw ay may anumang mga katanungan, tumawag sa 1-800-375-5283 (TDD: 1-800-767-1833) at piliin ang Opsyong 8.</p>
<p>May tatlong taong* na Pagpapahintulot para Magtrabaho na Dokumento na unang ibinigay sa iyo bago o noong Pebrero 16, 2015, na kautusan ng korte, ngunit pagkatapos ay muling ipinadala sa isang nai-update na address pagkalipas ng kautusan ng korte</p> <p><i>*Ang “tatlong taon” ay tumutukoy sa anumang Dokumentong Pagpapahintulot</i></p>	<p>Ang iyong tatlong taong card ay wala nang bisa at dapat mong isauli ito. Ipinadala na ng USCIS ang kapalit na card na may bisang dalawang taon.</p> <p>Kung iyong itatago ang iyong walang bisang tatlong taong card, tatapusin ng USCIS ang iyong DACA at ng lahat ng mga pagpapahintulot na magtrabaho, at maaaring isaalang-alang ang iyong kilos bilang isang negatibong bagay sa pagtatasa para sa anumang naantalang</p>	<p>Sundin ang mga tagubilin sa Paunawa ng Layuning Tapusin ang iyong Naantalang Hakbang at Pagpapahintulot na Magtrabaho na ipinadala sa iyong address na nasa rekord. Ang paunawa ang gagabay sa iyong ipadala ang iyong walang bisang tatlong taong card o magpakita sa opisina ng USCIS para maibalik ang card o sertipikahan na may magandang dahilan para hindi mo ito maisauli.</p>

<i>na Magtrabaho na may bisang mas matagal kaysa sa dalawang taon.</i>	kilos, o ibang mga kahilingan ng pagdedesiyon nito o discretionary request.	Kung ikaw ay may anumang mga katanungan, tumawag sa 1-800-375-5283 (TDD: 1-800-767-1833) at piliin ang Opsyong 8.
--	---	---

- USCIS -